Noon Akto-o Hén Fa Gali Em

(*May Katotohanan Pa Pala)*

Naglalaro sa isip ko ang mga tanong tamang-tama na tinutuldukan ko ang isinusulat na sanaysay sa isang paksa, pilit kong ipinalalabas ang maraming hinaing at hiling ng aking paghahalinghing.

Ito ang taknâ. Ang pagkakataon ay kumatok upang maibuwag ang nakapinid na hangin ng maraming proseso buhat nitong aking pakikipag-usap sa sariling isip.

Anong oras pa lang. Hindi pa nagtitilaok ang mga manok. Bumabalot pa ang hamog sa mga dahon. Hindi ko pa nauulinigan ang yabag ng bakya sa yaring kawayan naming sahig. Hindi pa nakuha sa tainga ang tunog ng mga jingle na may halong plataporma na tila bagang mga betamax na gasgas mula pa kahapon. Hindi ko pa nakukuha ang mutâ dulot ng malalim na pagpapanaginip. Nakaiirita nang pakinggan ang mga awiting dumadagundong sa kadalanan na inuuyog pati mga bato at kapunuan sa buong magdamag na pagroronda. Jusko! Ninakaw pa ang mga awit ng *Momoland* na sa pag-aakala ay nasa Korea ako nakatunton. Ito pa ang nakakahiya, mapapasabay ka na lang sa mga awiting ito na may suwabeng lyrics, suwabeng pag-awit at pagdadalawang-isip kung suwabe rin kaya itong mga linyang sinasabi ng kandidato (?). Ito lang ang tanging namumukaw sa akin mula sa higaan, kayâ parang sinuway ko na ang pagsuway ng bakya ni Yé (nanay).

Hindi lang ganiyan ang paglipana nitong propaganda. Minsang kasabay ng pagdagundong ng jingle ay mayroon rin itong pakapihan. Pawang mga dagang inumpok-umpok sa plasa ang mga táong nagsisiksika't nag-aagawan ng *pan de sal* at kape sabay na nakikinig sa nang-aakit at nangungusap na mga labi ng kakandarapang konsehal, mayor, gobernador, at senator. Isang butas ng karayom na hindi mapapalutsan ng sinulid ang imahe nitong pagsisiksikan. Naghahalong mga salita. Naghahalong hininga. Hiningang may halong kasinungalingan. At dahil sa pagsisiksikang ito nakatagpo ko ang tatagpuin sa lumalaong panahon.

Sa aking pagbukas ng tarangkahan doon sa tapat, nagtaka ako marahil hindi na pala Disyembre ang aming piyesta, Abril na. Maraming nang mga sinampay na karatula at tarpaulin sa kuryente, sa mga *kudál*, sa dingding ng bahay, sa kahit saan mang sulok nitong aming Purok na makikita mo ang pare-parehong mukha, may iba't ibang tinatagong ihahasik. Bawat isa sa amin ay inaalayan ng tarpaulin na may malaking retrato at slogan na, *"Totoo sa serbisyo."* Tinuring nila kaming mga dahak-dahak sa pera kaya kung hindi nila kami makayanang, walang lisya'y pagkaumaga makakakita ka na lang ng sobreng puting nakasabit sa *kudal* na may nakasulat, *"Botoha ako pagka-gobernador, kinyentos para sa imo."* Iyan lang kadali engganyuhin ang halos tanan, limandaang piso ang balór ng bóto.

Nakagawian ko itong pangyayari tuwing sasapit ang umaga ng Marso at Abril kada tatlong taon. Nakagawian ko ang pagkusot ng kana't kaliwang mata kung may bumabagabag na alalahaning nagpapatuliro ng aking diwa. Ng aking katauhan. Bilang kabataan. Bilang anak nitong Lupang Sinilangan. Bilang taong may karapatang hanapin

ang katotohanan sa minsang pagkaligaw sa maraming proseso ng pambibilog at pagyurak. Ang saya kung isipin ng nararanasan ko tuwing umaga, ngunit iyan ang danas na itinuring kong kasaklam-saklam. Kapangit tingnan. Pagbebenta ng boto. Pagsisinungaling. Platapormang na dati pang kasinungalingan. At minsang sinisikretong pagpaslang ng mga mangangamkam ng sakahan sa kapuwa ko Blaan na hindi sumang-ayon sa kanilang panlilinang na tila mga propeta na tagapagpalaganap ng maling impormasyon sa kanilang edukasyon, nakamit, nagawa at gagawin pa sa sariling bayan.

Napapatanong na lang ako kung bakit dito kami itinadhana sa panahong talamak ang pagmamaskara. Kung bakit sa lambong ng ulap na umuunat tuwing sasapit ang umaga, sa tanghaling tapat na tutok ang sarili sa sariling pagbilad sa araw, o sa gabing naglalabasan ang kuwentong lamang-lupa ay hindi pa rin nawawala ang pakpak ng balitang hunyango.

Isang pangyayari noon, itong lubos kong pinaniwalaan bilang Mindanawon. Akala ko nga ito ang tama kong akala. At, dito nanibago ako sa salitang *Fake News.* Nanibago ako na may bago palang reyna para rito, Mocha Uson daw ang tanyag niyang pangalan. Nanibago ako dahil minsan din lang akong makakalap ng balita. Ngunit itong paksa kong sasabihin ay tunay na pagsisinungaling mula sa kaniya.

Kabilang ako sa nakipagsiksikan, nagpadala sa kaniyang dila. Akala ko nga ito ang pag-aakalang bigyan kami ng pansin, at kalinga sa mga biyayang bigay ni *D'wata*. Minsan hinahayaan kong dumalaw ang kaluluwa ng aking mga kamag-anak na nadawit sa *extra-judicial killings*. Ang mga talâ ng aking pagpapalapad ng imahinasyon sa tála ay

parang pagsasakripisyo dahil binusog kami sa walang kahihiyang panlilinlang. Sa kaniyang plataporma't propaganda, babaguhin niya raw ang lupaing ito, ang lahat ng pulô, ngunit iba itong aking nadatnan nang nakuha niya ang posisyon. Isang pagpapatiwakal para sa amin. Isang walang proseso ng kahandaan. Isang walang kapararakang paghahanap ng kinagisnang lahi. Isang walang kulay na pagpaslang sa aking kadugo, pag-agaw ng aming lupain na siyang susi sana na ipagbantayog ang aming kalayaan, sa pagpahayag, sa pagsisid sa tunay na katotohanan na ang batayan ay hindi plataporma.

Hindi naman nagkamali noon ang mensahero ni Pangulong Emilio Aguinaldo sa pagpakalap ng katotohanan. Hindi naman nagkamali ng paniniwala si Sultan Kudalat sa kaniyang prinsipyo. Ngunit bakit ito ang samu't saring ganito? Ginawang mapusyaw ang kulay ng paglingon sa aming nasusong tradisyon. Alam ko naman ang punto na dahil din ito sa aking boto, subalit gagapang ako upang iangat ang mga sigaw ng nasa bitag ng pagkaparool at nasa laylayang binibigkis ng katiwalian.

Masasabi kong sa pasan na isang malapad na kahon na napupulutan ng unti-unting lumuluwag na manipis na balat ng mais at sakbat, ay kasabay nito ang aking pagkamuhi at muling pagkatuto na hustong aangatin nito ang kanan kong paa patungo sa loob na dapat at marapat paniwalaan. Ito pala ang aming pagdusa dahil sa kawalang kaalaman namin.

Hayaan mo akong sabihin ko ito sa masuyong hangin. Sana ay makarating ito sa mga lupalop kung saan huwad ang kinaing álam. Huwad ang pagkataong taliwas sa sariling pagkatao.

Walang makukuha sa akala mong tama na iyong pag-aakala. Walang halaga ang limandaang piso para ibenta ang boto sa isang taong nagkalap ng maling impormasyon, propaganda, at plataporma. Plataporma na akala mo ay katotohanan na nakamit sa kaniyang buhay o katotohanang gawin sa sariling bayan. Huwag kang maniwala sa nambubugaw na dila. Ang kaniyang malakas at maruming bunganga ay hindi sinyales ng katahimikang mamumutawi sa ating bayan, hindi iyan batayan na tunay niyang isinisiwalat sa lahat ang dapat isiwalat.

Iyan lang. Ngunit, mayroon pa, ito ang huli kong tulong na dapat mong mabatid. Na dapat mabatid ng lahat. Nakalilito man, ngunit ikaw bilang tao, ay kailangang maghukay sa maraming paliku-liko, kagaya sa paliku-likong pagpapanggap ng mga politiko mong pinili:

Pabalik-balik ang patutunguhan ng mga bata't matanda. Lumalangitngit, lumalawiswis ang kawayan. Alam mo iyan. Lumalagaslas ang tubig na minsang yumayakap sa iyong pandinig. Tiyak alam mo iyan. May pakpak ang balita. Alam ko ring alam mo talaga iyan. Subalit ang dapat mong alamin ay hukayin ang mga tagdan kahit yari ito sa semento o sa establisiyemento ng maraming ganid sa yaman na kinagawian ang ritwal ng pagpapakalap ng hunyangong impormasyon upang maibaligtad ang dapat. Mismo, tayo ng magrorolyo ng panibagong paglalakbay gamit ang dugo ng panitik. Gamit ang isip sa pagpili na dapat may kredibilidad at pananalig.

Kaya ito ako, isang Blaan sa Banga, Timog Cotabato. Isang netibong walang pinag-agam-agam sa maraming baklad ng pagtanaw at pag-asang makapagtanong na may katotohanan pa pala.